

safe space
Pambatang Gabay sa Gawaing Online



Ang librong ito ay kay:
PANGALAN
KAARAWAN
PASSWORD
SUBSCRIBE


4G 100% 5:15
safe space
Pambatang Gabay sa Gawaing Online
START



Magbalanse



# Balansehin ang tuwa at kaligtasan.

Kapag nagbibisikleta ka, nagsusuot ka ng helmet para protektahan ang ulo mo. Kapag lumalangoy, nagsusuot ka ng goggles para sa iyong mata. At kapag gumagamit ng internet, dapat laging pinoprotektahan ang personal mong impormasyon.

Kasama rito ang pagiging maingat sa ano at kung kanino ka nagsasabi ng: ano ang gusto at ayaw mo, ano ang binibili mo, sino ang mga kaibigan mo, saan ka nag-aaral, at marami pang iba. Bakit hindi mo dapat sinasabi ang mga bagay na ito? Dahil may mga kompanya o mga taong hindi mo kakilala, na puwedeng gamitin ang mga ito para sa pera, o mas malala pa, para saktan ka o ang pamilya mo.

Pero may mga pagkakataong napipilitan kang ibunyag ang ilang detalye tulad ng buo mong pangalan at kaarawan. Paano mo malalaman kung masyado ka nang maraming ibinabahaging impormasyon? Tungkol ang librong ito sa pagbalanse ng tuwa sa internet at pagprotekta sa iyong sarili.



MAGKULAY

Kulayan ang iba't ibang paraan ng paggamit natin sa internet.




PAG
LIKHA
TIN ANG INTERNET
N
LIBANGAN

# SA PANGKALAHATAN, mabuti ANG INTERNET.

PERO tulad ng KUTSILYO, MAGAGAMIT ang internet SA MABUTI O para MAGDULOT NG PANGANIB.



MABUTI O MASAMA?

**Bilugan ang mabubuting bagay nang berde, at pula naman sa masasamang bagay.**

Pagpapakalat ng pekeng balita

Pang-aabala ng internet sa panahong dapat sana ay nag-aaral o nakikisama sa pamilya o mga kaibigan

Online na laro, pelikula, o libro

Cyberbullying (panlalait o pananakot sa iba)

Kumustahan ng mga pamilyang nasa ibang bansa

Mga hacker na gustong nakawin ang pribado mong impormasyon

Online na klase kapag hindi ka nakakapunta sa paaralan


Pamamalengke, pag-asikaso ng mga bayarin, at pagkuha ng pera sa bangko

Mga hindi mo kakilalang nag-aanyayang makipag-private chat

Kuwentuhan ng mga kaklase at kaibigan

BOARD GAME

**Maiiwasan mo ba ang mga harang para makapunta sa ligtas na internet?**



Para maglaro, kailangan ng pambato ng bawat maglalaro, at dice. Kapag napunta ka sa baba ng hagdan, umakyat patungo sa taas nito. Kapag napunta ka naman sa ulo ng ahas, bumaba hanggang sa dulo ng buntot ng nito. Ang unang makarating sa numero 50 ang siyang panalo!



ALAM MO BA?


**Kapag gumawa ka ng account sa Facebook, Twitter, Instagram, at Snapchat, o sa mga larong tulad ng Minecraft o Pokémon, binubuksan mo sa kanila ang personal mong impormasyon.**




# Ano ang personal na impormasyon?

Nakikita sa personal mong impormasyon kung sino ka at kung paano ka makikilala.

Mga bagay itong katulad ng:






Puwedeng kasama rin dito:

- kung saan ka nakatira
- sino ang mga kaibigan mo
- mga email at numero ng mga kaibigan mo
- maski kung sino ang crush mo!

**May karapatan kang panatilihing ligtas at pribado ang iyong personal na impormasyon. Data Privacy ang tawag dito.**

## Baka may mga nasasabi ka na tungkol sa sarili mo tuwing online ka!

**Puwedeng makita ng mga app o website ang:**



Gadget na gamit mo



Mga litrato sa telepono mo



Oras na madalas kang online




Tagal mo tuwing online ka



Madalas mong ka-chat

Browser na gamit mo






Stories na pinapanood mo at kanino ang mga iyon




Itatagal pa ng baterya mo

Tagal mo




sa bawat website



Mga litratong nila-like mo




Mga link na kini-click mo



Mga ginagamit mong filter




Lokasyon mo

## SIPAT SALITA

Hanapin ang mga sumusunod na app at serbisyo. Kulayan ang mga ginagamit mo.

- ☐ Amazon
- ☐ Animal Crossing
- ☐ Facebook
- ☐ Fortnite
- ☐ Google
- ☐ iMessage
- ☐ Instagram
- ☐ Lazada
- ☐ Minecraft
- ☐ Pokémon GO
- ☐ Safari
- ☐ Shopee
- ☐ Snapchat
- ☐ Spotify
- ☐ TikTok
- ☐ Twitter
- ☐ Viber
- ☐ Warcraft
- ☐ WhatsApp
- ☐ Wikipedia
- ☐ YouTube
- ☐ Zoom

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N | O | P | P | A | S | T | A |
| I | V | I | B | E | R | O | Z |
| G | O | N | E | D | O | G | M |
| H | I | T | F | A | R | C | E |
| T | N | S | B | O | R | O | A |
| I | S | A | F | A | L | T | O |
| M | T | G | L | A | Z | A | D |
| E | A | R | I | O | C | S | P |
| S | G | A | O | O | L | E | W |
| S | R | M | A | P | T | W | B |
| A | A | P | G | N | I | S | S |
| G | M | A | L | F | I | N | E |
| E | B | U | T | U | O | Y | E |

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| H | W | F | O | R | T | N | I | T | E | O | F |
| O | S | N | A | P | P | E | R | I | K | G | R |
| W | A | R | C | R | A | F | T | K | A | S | E |
| N | I | M | A | F | A | R | I | T | H | N | E |
| M | T | K | T | E | L | G | O | O | G | A | F |
| G | W | A | I | T | T | A | P | K | O | P | S |
| A | I | H | A | P | P | E | E | S | O | C | S |
| O | T | I | F | Y | E | K | N | D | N | H | I |
| A | T | O | K | T | A | D | A | C | O | A | N |
| M | E | S | A | F | A | R | I | H | Z | T | G |
| O | R | C | L | A | M | I | N | A | A | R | I |
| P | O | K | E | M | O | N | G | O | M | U | N |
| S | A | K | I | T | E | W | O | M | A | O | G |




# Bakit nila kinukuha ang impormasyon mo?

Kapag alam na ng website o app ang mga hilig mo, magpapakita sila ng marami pang ganoon para bumalik ka nang bumalik. Kung madalas kang manood ng anime sa YouTube, papakitaan ka nito ng marami pang anime video sa susunod mong pagbisita.

Ginagamit nila ang mga detalyeng pang-ugnay tulad ng email at numero ng telephone para abutin ka, at itinatago nila ang mga detalyeng ito para sa seguridad mo.

Kapag nalimutan mo ang password mo, tinitingnan nila kung ikaw talaga ang sumusubok mag-sign in gamit ang ilang tanong tungkol sa sarili mo.

Pero, puwede rin nilang gamitin ang personal mong impormasyon para kumita sila ng pera – sa pamimigay at pagbebenta nito sa mga tao at mga negosyo.









mong impormasyon at ibinebenta ito sa mga kompanya ng advertising.




Halimbawa, puwede nilang sabihin sa isang negosyo ng damit ang mga tipo ng damit na hilig mo, batay sa mga litrato ng pantalon, kamiseta, o baro na nila-like mo o sine-share. Puwede ka na ngayong bentahan ng negosyong iyon ng mga ganoong damit sa email o sa mga ad sa mga paborito mong app o website.


ng advertising ang impormasyon sa pagpapakita sa iyo ng mga ad sa mga website na pang-search, pang-social media, at pang-video.



MAZE

**Maglakbay sa internet! Mag-ingat sa mga patibong at saradong daan!**




HI!
HEY.
SPEM



Mahalaga ang personal mong impormasyon. Protektahan ito.

# Importanteng malaman kung ano ang kinokolekta sa personal mong impormasyon, sino ang kumokolekta nito, at saan ito gagamitin.

May halaga – parang pera – ang impormasyon mo, tulad ng hilig mong laro, ang sine-search mo online, ang mga binibilhan mo, at ang iyong tirahan.

- [ ] Gumamit lang ng produkto o serbisyo kung nilinaw ng kompanya kung saan nito gagamitin ang impormasyon mo.
- [ ] Magdalawang-isip kung humingi ng permisyon ang isang app para magamit ang personal mong impormasyon (tulad ng lokasyon mo).
- [ ] Kung hindi ka sigurado sa mga ito, magtanong sa magulang o pinagkakatiwalaang nakatatanda.

**ALING CARTOON CHARACTER KA?**

**Mag-ingat sa mga online na laro o quiz na ipapakita sa 'yo sa mga paborito mong social media app. Mukhang ligtas sumagot ng mga tanong o laruin ang mga ito, pero baka nagbibigay ka na ng personal mong impormasyon sa mga gustong mang-scam o makapanloko!**


GUMUHIT TAYO!

Magdisenyo ng kamiseta gamit lang ang mga emoji.





# Paano ka magsasanay sa data privacy?







**1** May nakakita ng diary ng kaibigan. Kinopya nila ang gusto nilang nakasulat dito at ginawa itong online post. **Okey lang ba ito?**

**2** May litrato ang kaklase kasama ang sikat na artista, pero sa malalapit lang na kaibigan naka-share, kasama ka. Para sa 'yo, masaya ang litrato, kaya nag-download ka nito at ginawa mong public na post sa account mo. **Okey lang ba ito?**




**3** Gumawa ng pekeng account ang isang kaklase para magkunwaring iba pa ninyong kaklase, at puro nakakahiya ang ipino-post. **Ano ang gagawin mo?**

**Magpaalam bago mag-post ng impormasyon o litrato ng ibang tao.**


Mag-post tungkol sa iba tulad ng gusto mong mag-post sila tungkol sa iyo.
Igalang ang privacy ng iba!
Gintong Payo




## Mag-isip bago mag-click!

Kung makita ng kaibigan, magulang, o guro ang post mo, mabuti ba ang maiisip nila tungkol sa 'yo? May malulungkot ba o masasaktan dahil sa post mo?

Maging responsable. Sa internet, mahahanap, maipapasa, at makikita ang lahat. Walang nabubura.

# Saan at paano napapanatili ang impormasyon?

## PINAPANATILI SA EXTERNAL SERVICES




Alam mo bang kinolekta ng US Library of Congress ang bawat publikong tweet – daang bilyon ng mga ito – mula 2006 hanggang 2017? Tumigil man silang gawin iyon, walang pumipigil sa kanila o sa ibang gawin ulit iyon.

Lahat ng inilalabas mo sa internet ay puwedeng maging PUBLIKO at PERMANENTE.

Puwedeng imbestigahan ng mga papasukan mong trabaho ang nakaraan mo, at magdesisyong hindi ka tanggaping empleyado dahil sa isinulat mo ngayong bata ka pa lang.

Kaya mag-ingat sa mga post mo!


# PINAPANATILI NG MGA KOPYA



Kapag nagpadala ka ng email gamit ang account mo sa Yahoo para sa kaibigan mong may account sa Gmail, may kopya ng email na iyon sa server (malalaking kompyuter) ng Yahoo at ng Gmail.

Kahit na nabura mo na ang sarili mong mga file, puwedeng may kopya pa rin ng litrato, file, o mensaheng iyon kung ipinadala mo ito sa kaibigang nag-save rito.

Sa madaling sabi, laging ituring na magkakakopya ang anumang elektronikong impormasyong ipinadala mo sa internet at puwede itong magtagal sa ibang lugar.



# PINAPANATILI NG SOCIAL MEDIA


Kapag nagbura ka ng post sa social media, puwedeng hindi talaga ito mawala. Madalas itong nananatili sa mga server ng kompanya ng social media para patuloy nila itong magamit.

Ito ang nangyayari kapag napapaalala sa 'yo ng social media ang matagal na matagal mo nang post ilang taon na, kahit na nabura mo na ang mga ito!

TINGNAN AT HANAPIN



Kapag nag-post ka ng litrato, mapapanatili ito online, at puwede itong magamit ng ibang tao nang walang paalam. Subukin sa eksenang ito. Mahahanap mo ba ang lahat ng kopya ng litrato ng nene?




247
PANGET 4EVER
Gabon
ONIE
EXPERT OF THE DAY

# OKEY LANG LIMITAHAN KUNG SINO ANG NAKAKAKITA SA IMPORMASYON MO AT KUNG ANO ANG SINE-SHARE MO.




**Gamitin ang mga setting para sa privacy at security sa mga paborito mong online na laro, app, o platform.**

# Ano ang puwede mong gawin?


- [ ] **Ituring na publiko ang lahat ng post, text, at mensahe mo.**
  Makokopya nino man ang mga post mo at maipapasa-pasa ang mga ito.

- [ ] **Galawin ang privacy settings mo.**
  Pag-aralan ang mga ginagamit na website at app at piliin kung sino ang makakakita ng mga post mo.

- [ ] **Burahin ang mga lumang post na pinagdududahan mo.**
  Kung may mga litrato o isinulat kang pinagsisisihan mong i-post, burahin mo na ang mga ito.


- [ ] **Isipin ang hinaharap.**
  Laging itanong sa sarili: May laman ba ang post o litratong ito na puwedeng makapinsala sa akin o sa iba balang araw?






MAG-INGAT
SA mga SINE-SHARE mo!
VALEDICTORIAN



## Pinaglalapit tayo ng internet.

Ngayon, puwede mo nang kausapin ang malalayong mahal mo sa buhay kahit kailan! Noong araw, naghihintay ang mga magulang mo ng linggo, minsan buwan, para makatanggap ng sulat na may kasamang litrato. Ngayon, segundo na lang ang kailangan para mag-post at magpadala ng litrato.

### Pero...

Kailangan mo pa ring mag-ingat! Bukod sa mga kaibigan at pamilya mo, may mga taong makakakita sa mga sine-share mo. At may sinasabi tungkol sa 'yo ang mga sine-share mo.





# Katumbas ng libong salita ang isang litrato.

Sa unang tingin, parang walang delikado sa litratong ito. Pero may makikitang impormasyon tungkol sa mga batang nasa litrato kahit hindi mo sila kilala!




Una, alam mo ang itsura nila. Suot din nila ang mga ID nila (na puwedeng palakihin) na may pangalan nila. Malalaman sa uniporme kung saan sila nag-aaral. Mula doon, puwedeng alamin kung anong oras sila pumapasok at lumalabas ng paaralan.

## MAGHANAP NG DETALYE

**Ano ang puwede mong malaman sa pagtingin ng mga litratong ito? Baliktarin ang libro para sa mga sagot! May nakita ka pa bang iba?**




- Ano ang itsura niya
- May alaga siya
- Poste ng kalye at numero ng bahay (sa ibang salita, tirahan niya!)



## Miko:3

@mikomiko3000

Salamat sa lahat ng nakibertday!!




5:52 PM • 30 Jun 19 • Twitter for iPhone

5 Retweets 146 Likes

- Pangalan niya
- Edad niya
- Itsura ng mga kapamilya niya



## Anna Juan

JUST NOW



35


3 comments

- Itsura niya at ng pamilya niya
- Nasa Paris sila at kung gayon, wala sa bahay nila (may makakapasok bang masasamang tao sa bahay nila?)



# Huwag limutin!

- Huwag mag-post ng ayaw mong makita ng magulang, guro, o taong hinahangaan mo.
- Pahabain ang pasensya. Huminto at mag-isip bago mag-post.
- Mag-ingat sa mga post na nakakatawa. Baka makasakit ito ng damdamin ng iba.



# GUMAWA NG PINAKAMATIBAY NA PASSWORD

1 Mag-isip ng masayang pangungusap o kasabihang (mga 8 salita) madali mong matatandaan.

Creating a secure password is easy and fun.

2 Kunin ang unang titik ng bawat salita sa pangungusap.

C A S P I E A F

3 Baguhin ang ilang titik at gawing simbolo o numero.

C A $ P 1 E @ F

4 Gawing maliit na titik ang ilan, at malaki ang iba.

C a $ p 1 e @ F

## LUMIKHA NG SARILI MONG PASSWORD!

# Payo sa pag-iingat ng mga password

**Gumamit ng ibang password sa bawat account.**




E4g/e5W1n65    4p0//Obu2z    A61maTB0y!    3He^D09$?!





**Gawing madaling tandaan ang mga password para hindi mo ito kailangang isulat.** Kung hindi, baka may makahanap at makakita ng isinulat mo!

**Ingatan ang mga device mo.**
Gumamit ng matibay na password, passcode, o touch ID feature para maisara ang mga device mo. Tumutulong itong protektahan ang impormasyon mo sakaling manakaw o mawala ang iyong device.



✕ DELACRUZ
✕ 86Acacia
✕ 01July1999

**Huwag gumamit ng personal na impormasyon o karaniwang mga salita.**
Huwag gamitin ang “password” bilang password!


✓ P4nc4<35!

✓✓ 9h05+>#<

✓✓✓ [$unf70w3rS]=^

**Gumamit ng 8 titik o higit pa at pinaghalong titik (maliit at malaki), numero, at simbolo.**

Mas mahaba, mas matibay (basta kaya mong matandaan!)



**Huwag ibigay sa iba ang password mo, sa magulang mo lang.**




**Baguhin agad ang password mo kung sa tingin mo ay nakuha ito ng iba.**



**Kung may pagdududa, ibasura.**

Sa mga link ng email, tweet, post, at online ad madalas inilalagay ng masasamang tao ang paraan ng pagkuha ng personal mong impormasyon. Kung nagdadalawang-isip ka dito, burahin agad.




**Hindi ligtas ang mga pampublikong network at koneksyon.**

Puwedeng makita nino man ang ginagawa mo sa laptop mo o smartphone habang nakakonekta ka sa mga ganito. Kaya mag-ingat sa mga gagamiting website at app!

HANAPIN ANG PAGKAKAIBA!

**Dalawang bersyon ito ng parehong account. Mahahanap mo ba ang lahat ng pinag-iba? Aling account ang mas ligtas?**




Do you know Angie?
ADD FRIEND
Angie Dy
INTRO
Mahal na mahal ko ang aso kong si Pickles <3
LIVES IN
Brgy. Coco, QC
STUDIES AT
Chico Chica Elementary School
FRIENDS
3 Mutual Friends
Write something to Angie...
PHOTO/VIDEO
TAG FRIENDS
FEELING
Angie is feeling happy in Quezon Memorial Circle • 5 MINS AGO
HELLO WORLD
LIKE
COMMENT
SHARE

# 8 HAKBANG PARA SA MAS LIGTAS NA INTERNET

## 1 Gawing kaibigan ang mga magulang.

Ipaalam sa kanila ang mga website na binibisita mo o gustong bisitahin, sino ang mga kausap mo o kapalitan ng email, aling social media app ang ginagamit mo, at iba pa. Kung may nakuha kang mensaheng kaduda-duda, sabihin agad ito sa kanila.





## 2 Huwag magbigay ng personal na impormasyon.

Kung may nagtanong sa 'yo ng buo mong pangalan, tirahan, paaralan, kaarawan, o iba pang impormasyon tungkol sa ibang tao sa buhay mo, huwag mong sagutin!

## 3 Huwag gumamit ng username na may lamang personal na impormasyon.

Halimbawa, kung Juana Rizal ang pangalan mo, ipinanganak ng 20 Abril 2020, nakatira sa Pasig City, Philippines, huwag mong gawing JuanaRizal040420Pinas, o katulad nito, ang username mo!

Puwede kang maging magaling na gamer na may magandang username nang hindi nagsasabi kung sino ka.




## 4 Mag-ingat sa pag-share ng litrato.

Huwag magpadala online ng video o litrato mo, ng pamilya o kaibigan, ng tirahan, o paaralan sa mga hindi mo kakilala.





## 5 Bantayan ang mga password mo.

Kung may ibang nakakaalam ng password mo, puwede nila itong baguhin at hindi ka na papasukin sa account mo.

Puwede rin silang magkunwaring ikaw at gumamit ng masasamang salita, pababain ang ranking mo sa mga laro (hala!), ipasa ang mga litrato mo, at magpakalat ng pekeng impormasyon.

## 6 Magdalawang-isip bago mag-click ng mga link o mag-download ng kahit ano.

Puwedeng may itinatagong virus ang mga ito o kaya ipinadala ng kung sinong gustong magnakaw ng personal mong impormasyon.






## 7 Kapag may nakipag-chat sa 'yong hindi mo kilala, sabihin agad sa magulang mo.

Lalo na kung inaaya ka nilang makipagkita. Kung may kumakausap sa 'yo online na hindi mo kilala, mas mabuting hindi sila pansinin. Hindi mo masisiguro kung sino talaga sila.



## 8 Kapag may pagdududa, kumausap agad ng magulang o pinagkakatiwalaang nakatatanda.

Kung may tao o bagay online na bumabagabag sa 'yo, sabihin ito sa magulang o taong pinagkakatiwalaan mo.




Para makapagnakaw ng impormasyon, may nagkukunwaring kakilalang tao o kompanya sa email, text, o iba pang paraan ng online na komunikasyon. **Phishing** ang tawag dito. Sa phishing, puwedeng malagyan ng virus ang kompyuter mo gamit ang mensaheng ipinadala sa email mo – at mga mapanganib na website na gusto nilang puntahan mo o ang mga attachment na gusto nilang buksan mo.

**TANDAAN**

**Hindi nalalaman ng mga website o ad kung may sira ang device mo!**

BINGO

**Mag–Bingo tayo! Ekisan ang mga alam mo nang payo sa ligtas na paggamit ng internet.**





## SIKRETONG MENSAHE

**May sikretong mensahe sa pahinang ito. Isulat ang unang titik ng bawat larawan para matuklas ang sikreto.**




# Mabuhay ang internet!




NAHAHANAP NATIN ANG MARAMING BAGAY NA GUSTO NATING ALAMIN
LI ANG NUMANG ANGAN
BINIBIGYAN TAYO NG KATUWAAN AT KATUTUK -LASAN
AUSAP NATIN ANG MGA IBA'T IBANG PARTE G MUNDO

# Pero mag-ingat!



MAG-INGAT SA SINE-SHARE

HUWAG NA HUWAG IBIBIGAY SA HINDI MO MAGULANG ANG PASSWORD MO

MAG-POST TUNGKOL SA IBA TULAD NG GUSTO MO LANG I-POST NILA TUNGKOL SA IYO

**Laging pag-isipan ang ginagawa online para maging mahusay na lugar ang internet sa pagkatuto, pag-uugnayan, at pagtuklas.**

# SANGGUNIAN NG MGA SAGOT

## MABUTI O MASAMA? • PAHINA 7




## SIPAT SALITA • PAHINA 14




## MAZE • PAHINA 18



## TINGNAN AT HANAPIN • PAHINA 30




## HANAPIN ANG PAGKAKAIBA! • PAHINA 44




## SIKRETONG MENSAHE • PAHINA 51



# PARA SA MAGULANG AT GURO

**Mas matimbang ang buti ng online na mundo kaysa kasamaan dito. Kailangang alam ng mga bata kung paano gamitin ang internet para makapaglikha sila at maging matagumpay balang araw.**

Pero, madali pang maimpluwensiyahan ang mga bata at baka hindi pa sila handa sa lahat ng puwedeng makita sa internet. Natural sa kanilang magsiyasat, at kung idaragdag dito ang kulang nilang karanasan, puwede silang mapunta sa mga bahagi ng internet na hindi ligtas. Pinakamalaking panganib pa rin sa kanila ang di-angkop-sa-edad na laman ng internet.



Kailangang magsimula sa inyo, mga magulang at guro, ang pagtuturo sa mga bata tungkol sa ligtas na paggamit ng internet at pangangalaga ng privacy. Kayo ang pinakapinagkakatiwalaang nakatatanda ng ating mga bata.

## Samahan sila at makisama.

Maging malay kung kailan, saan, at paano sila gumagamit ng internet. Magpakita ng interes sa binibisita nilang website at sa mga nilalaro nila.

Kung sa palagay ninyo ay handa na ang mga bata para magkaroon ng account sa social media, likhain ito nang magkasama. Gabayan sila sa platform at tulungan silang unawain ang privacy settings nito. Payuhan sila kapag may natatanggap na friend request sa mga taong labas sa kanilang komunidad.

## Magtakda ng hanggahan.

Makipag-usap at maging tapat sa mga bata, pero alalahanin ding magulang o guro muna kayo bago kaibigan.

Kailangang malaman ng mga bata na hindi nila puwedeng itago para sa kanilang sarili lang ang ginagawa nila online (o kahit hindi online).

Ipaunawa sa mga bata na hindi dahil sa inaalam ang ginagawa nila paminsan-minsan, ibig sabihin ay hindi na sila pinagkakatiwalaan. Sa halip, ipaalala na ang mga taong nakakaugnayan nila online ang pinagbubuhusan ninyo ng ingat.

## Pangalagaan ang impormasyon ng mga bata.

Bilang magulang, karapatan mong ingatan (at kung kailangan, ipagkait) ang personal na detalye ng mga anak mo. Turuan din silang protektahan at pahalagahan ang personal nilang impormasyon. Ipaliwanag kung bakit dapat muna silang magpaalam bago magbigay ng impormasyon tulad ng pangalan, edad, kaarawan, at tirahan.

## Mag-ingat sa pag-share.

Alam naming ipinagmamalaki ninyo ang mga bata. Pero alalahaning sa pag-post ng mga litrato ng mga bata, naglilikha tayo ng permanenteng bakas na susunod sa kanila hanggang sa pagtanda.

Sa oras ng pag-post ng litrato, binibitawan mo ang kapangyarihan mo rito. Madali itong makokopya, mata-tag, mase-save, at magagamit sa anumang paraang hindi mo naiisip.

Lahat ng post ay may lamang impormasyong mahalaga sa mga advertiser at nagkokolekta ng datos. Maging malay na ang mga impormasyong katulad ng buong pangalan ng mga bata at kanilang kaarawan ay puwedeng magamit para manakaw ang kanilang pagkakakilanlan (identity theft).

## Balikan ang privacy settings ninyo.

Pag-isipan ang impormasyong ibinabahagi ninyo at ng mga bata sa paggamit ng mga app at pagbisita ng mga website. Balikan at baguhin ang mga privacy setting ng mga ginagamit ninyong device, browser, app, at social networking site.

Kung may smartphone ang bata, magiging mas ligtas ito kung nakapatay ang location services at hindi pinapayagan ang mga app na mag-share ng datos. Nasa iyo ang pasya kung sino ang makakakita ng mga post nila.

## Turuan ang batang kumilos sa internet na para itong publikong lugar.

Tiyaking nauunawaan nila ang mabuting pag-uugali sa internet, pati ang pag-iisip sa magiging epekto ng pag-post ng larawan o komento. Magpaalalang hindi laging madaling bawiin ang nai-post na online, at na puwedeng maipasa ang mga text o litratong ipinapadala.

Magandang sundin ang Gintong Payo. Sabihan ang mga batang hindi dapat nila gawin online ang hindi nila gagawin sa tunay na buhay.

Turuan silang iulat ang masamang pag-uugali o pangit na pananalita sa mga paborito nilang website.



## Sumabay sa panahon.

Laging mag-abang sa mga bagong paraan ng pagiging ligtas online at pag-iingat sa privacy. Ibahagi ang mga natutuklasan mo.

Panghuli, laging kausapin ang mga bata, hindi lang para magturo kundi para rin matuto sa kanila. Siguradong mas marami pa silang alam diyan kaysa alam mo!

www.canvas.ph

The Center for Art, New Ventures & Sustainable Development (CANVAS), a nonprofit organization, believes that Philippine art can create possibilities, open conversations and inspire meaningful change. Since 2005, CANVAS has been working with the creative community to promote children's literacy, explore national identity, and broaden public awareness of Philippine art, culture and the environment. For more information, please visit www.canvas.ph.

Philippine Copyright ©2020
by
CANVAS - The Center for Art, New Ventures
and Sustainable Development

All Rights Reserved.

Please direct all inquiries to:
*CANVAS, No.1 Upsilon Drive Ext. corner Zuzuareggui St.,*
*Alpha Village, Diliman, Quezon City, Philippines 1119*
Email at *info@canvas.ph*

SAFE SPACE
First printed in softcover 2020
Originally published in English
Published by CANVAS - The Center for Art, New Ventures and Sustainable Development
Printed in the Republic of the Philippines

Written by Gigo Alampay
Book design by Studio Dialogo
Illustrations by Liza Flores, Abi Goy, Frances Alvarez and Jamie Bauza
Cover photo by Jinggo Montenejo

Commissioned by Globe Telecom, Inc. with additional support from Google, this activity book for children supports the information and education efforts of the National Privacy Commission of the Philippines.

The National Library of the Philippines CIP Data

Alampay, Gigo.
Safe space : a kids guide to data privacy / texts,
Gigo Alampay, edit and research, Agay Llanera
and Faye Gonzales; illustrations, Abi Goy, Liza Flores,
Frances Alvarez and Jamie Bauza. -- Quezon City :
Center for Art, New Ventures and Sustainable Development
(CANVAS),[2020],©2020.
pages ; cm.

ISBN 978-971-9689-25-6

1. Computer security -- Juvenile literature. 2. Data protection --
Juvenile literature. I.Llanera, Agay. II. Gonzales, Faye. III. Flores,
Liza. IV. Alvarez, Frances. V. Bauza, Jamie. VI. Goy, Abi. VII. Title.

005.8 QA76.9.A25 P020200138


www.canvas.ph
Globe